Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7'4
9-23-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG SETYEMBRE 5, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 223-T2011**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 104-T2011 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 001-T2011 NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA NAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNAN PARA SA MGA MAY-ARI / NAGPAPAUPA NG MGA COMPUTER SHOPS, INTERNET CAFÉ, GAMING CENTERS, PISO NET AT MGA KAHALINTULAD NITO SA NASASAKUPAN NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 104-T2011/Kautusang Barangay Blg. 001-T2011 ng Barangay Pagsawitan na naglalayong magtakda ng mga panuntunan para sa mga may-ari / nagpapaupa ng mga computer shops, internet café, gaming centers, piso net at mga kahalintulad nito sa nasasakupan ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKA'T,** ito ay napaliwat sa Lupon sa Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T**, matapos ang pagsusuri at malaman ang kahalagahan sa pagtatakda ng panuntunan at pagpapatupad nito upang mapangalagaan ang mga kahalintulad na establisimyentong nabanggit, maging ang mga kabataang gumagamit nito ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas ang pagpapatibay ng naturang kapasiyahan / kautusan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng Kagalang-galang Kagawad Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 104-T2011 / Kautusang Barangay Blg. 001-T2011 ng Kagalang-galang Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na nagtatakda ng mga panuntunan para sa mga may-ari / nagpapaupa ng mga computer shops, internet café, gaming centers, piso net at mga kahalintulad nito sa nasasakupan ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, at Barangay Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 5, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz
BARANGAY NG PAGSAWITAN

**TANGGAPAN NG PUNONG BARANGAY**

KATITIKAN NG PUBLIC HEARING NG PAGTATAKDA NG PANUNTUNAN PARA SA MGA MAY-ARI/NAGPAPAUPA NG MGA COMPUTER SHOPS, INTERNET CAFÉ, GAMING CENTERS, PISO NET AT MGA KAHALINTULAD NITO SA BARANGAY PAGSAWITAN, BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA GINANAP SA BAHAY PULUNGAN NOONG IKA-24 NG HUNYO, 2011 GANAP NA IKA-01:00 NG HAPON.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Punong Barangay |
| Kgg. Edwin A. Abary | Kagawad |
| Gng. Pricila O. Villanueva | Ingat-Yaman |
| Gng. Lea C. Estrada | Kalihim |
| Mga May-ari ng Computer Shops/Piso Net | |

8-3-11

Sinimulan ang pulong sa ganap na ika-1:00 ng hapon. Pinangunahan ni Gng. Ruplyn D. Consigo ang panalangin.

Kgg. Edwin A. Abary – Magandang hapon po. Bago po tayo mag-umpisa ay hingan muna natin ng mensahe ang ating Kgg. na Punong Barangay Angelito U. Limjuco.

Kgg. Angelito U. Limjuco - Magandang hapon po. Nagpapasalamat po kami sa pagpapa-unlak ninyo sa aming mga paanyaya, narito po tayo upang magkaroon ng public hearing. Hindi naman po lingid sa inyong kaalaman na ang bawat isang negosyo o hanapbuhay ay mayroong kautusan na sinusunod. Ipinapanukala rin po ng batas sa ating barangay sapagkat may umiiral na batas sa Pamahalaang Nasyonal, Pamahalaang Probinsyal at Pamahalaang Bayan at ito po ay aampunin ng Barangay ukol sa mga videoke, computer, internet at piso net. Hindi po ito tahasang ipinagbabawal, walang ordinansa o kautusan na nagbabawal ngunit ito po ay mayroong regulasyon, kapasiyahang ginawa ang pamahalaang bayan at nasyonal na ito po ay nireregula kung paano ang pagpapatakbo ng ganitong mga hanapbuhay. Ipapaliwanag po ng ating Kgg. na Konsehal Edwin A. Abary, pangulo sa lupon ng kaayusan at katahimikan ang tungkol sa pagpapalaro ng mga kabataan. Hindi rin po hayag sa inyo na binibigyan iyan ng clearance para makakuha ng kaukulang permiso at bibigyan po kayo ng sipi yung tinatawag na MOA na kailangang sundin ninyo at kapag hindi po kayo sumunod, diyan po magkakaroon ng hakbang o magkakaroon ng ngipin ang barangay upang ipasara ang anumang uri ng inyong hanapbuhay. Katulad po ng nabanggit ko kanina ito po ay hindi pagbabawal kundi pagreregula.

Kgg. Edwin A. Abary – Magandang hapon pong muli, ang bumubuo po ng Sangguniang Barangay sa pangunguna ng ating Punong Barangay at bilang pangulo ng lupon sa batas, nagkaroon po kami ng kapasiyahan ukol sa mga video games, piso net at mga kauri nito. Layunin po nito na magkaroon ng maayos na pagpapatakbo ang mga may-ari. Tulong na rin po ito sa ating barangay dahil ang pagkuha at pagbabayad ninyo ng permit ay makakatulong upang lumaki ang kita ng ating barangay. Ipababasa ko po sa ating Kalihim ang nakapaloob sa Kautusang Barangay Blg. 001 T 2011, ng sa gayon ay malaman po ninyo.

Gng. Lea C. Estrada – **KAPASIYAHAN BLG. 104 T'11**

**KAPASIYAHANG PINAGTIBAY NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG BARANGAY PAGSAWITAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNAN PARA SA MGA MAY-ARI/NAGPAPA-UPA NG MGA COMPUTER SHOPS, INTERNET CAFÉ, GAMING CENTERS, PISO NET AT MGA KAHALINTULAD NITO.**

**SAPAGKAT:** Binigyang pansin at pagpapahalaga ng Tagapangulo ng Kgg. Sangguniang Barangay ang pagkakaroon ng isang matibay na batayan sa pamamalakad ng mga bahay-kalakan.

**SAPAGKAT:** Sa pamamagitan ng pagsasaliksik ng mga datos ukol dito ng Tanggapan ng Sangguniang Barangay, ayon sa pag-aatas ng Kgg. na Tagapangulo ay nabuo ang layunin ng pagbalangkas ng isang panukalang kautusan na makatulong sa pagpapatakbo ng bahay-kalakalan lakip ang kabutihang maidudulot nito sa mga makikinabang.

**SAPAGKAT:** Tinutukoy dito ay ang internet, inpormasyon at talastasang teknolohiya na kasalukuyang

**SAPAGKAT:** Mapapansin, hindi man lahat ang kakulangan sa pagre-regula o pagpapatakbo at panuntunan sa mga may-ari ng naturang shop at palaruan na maaaring humantong sa iba't-ibang kalidad ng serbisyo at ang nakasasama ay ang mga di-kabutihang maidudulot nito sa mga gumagamit.

**SAPAGKAT:** Bunga ng ganitong kalagayan nararanasan ng mga may-ari o nagpapatakbo ang pagkabagot hanggang sa humantong sa pagsasara ng kanilang negosyo.

**SAPAGKAT:** Sa di-pagreregula sa ganitong gawain mababawasan ang kitang pumapasok sa kaban ng barangay.

**SAPAGKAT:** Ayon sa kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, kailangan ang matibay na pangangalaga sa dumaraming uri ng ganitong industriya at ipagsanggalang ang mga kabataang gumagamit ng mga computer at kauri nito laban sa pornograpiya, kasamaan, karahasan at mapaghiganting panoorin na nagsisilbing libangan ng mga manonood mula sa makabagong dulot ng inpormasyong teknolohiya ng bansa.

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO:**

Sa mungkahi ni Kgg. Edwin A. Abary, Tagapamuno ng Lupon sa Batas na pinangalawahan ni Kgg. Allan S. Palacol, at sa buong pagsang-ayon at pagkaka-isa ng lahat ng kaharap ay:

PINAGPASIYAHANG: Pagtibayin ang mga sumusunod na:

**KAUTUSANG BARANGAY BLG. 001-T-11**

KAUTUSANG PINAGTITIBAY ANG MGA ALITUNTUNIN SA PAGPAPATAKBO NG COMPUTER SHOPS, INTERNET CAFÉ, GAMING CENTERS, PISO NET AT MGA KAURI NITO AY NAGPAPATAW NG KAUKULANG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO.

PINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Pagsawitan ng Santa Cruz, Laguna na:

Seksyon 1 - Ang kautusang ito ay tatawaging alituntunin sa pagpapatakbo ng mga computer shops, internet café, gaming centers, piso net at mga kauri nito.

Seksyon 2 - Lahat ng mga may-ari o nagpapa-upa ng mga computer shops, internet café, gaming centers, piso net at mga kahalintulad nito na:

2.1 Ipanatili ang maayos na bentilasyon sa loob at sakop ng bahay kalakalan.

2.2 Ipanatili ang kalinisan saan mang sulok ng bahay-kalakalan sa lahat ng oras na may makikitang palikuran sa loob nito.

2.3 Magkaroon ng sapat na pailaw sa loob at maging sa lugar na pinangangasiwaan nito.

2.4 Tiyakin ang sapat na kagamitan laban sa sunog.

2.5 Hindi pinahihintulutang pumasok sa loob ng bahay-kalakalan ang nakainom gayundin ang anumang inuming nakalalasing o bawal na gamot ay hindi pinapayagang ipagbili sa loob.

2.6 Pinapagayagan lamang na gumamit ng computer ng naaayon sa dami ng mga ito.

Seksyon 3- Hindi pinahihintulutang papasukin ang mga batang mag-aaral mula pitong (7) taong gulang hanggang labing anim (16) na taong gulang.

3.1 Sa oras na may pasok sa paaralan.

3.2 Nakasuot ng uniporme.

Maaaring pahintulutan lamang kung:

3.3 Sila ay may gagawing pagsasaliksik (educational research) o bakanteng oras.

3.4 May pagpayag ang magulang, taga-bantay o guro.

Seksyon 4- Magsasagawa ng mga kakbang at pagsubaybay ang mga may-ari/nagpapatakbo sa mga gagamit ng computer upang mapigilan ang panood ng:

4.1 Malalaswang panoorin.

4.2 Mahahalay at malalaswang gawain.

4.3 Sugalan.

4.4 Sobrang paggamit ng internet.

4.5 Ipinagbabawal na gamot, alak o nakalalasing na inumin at paninigarilyo.

4.6 Pagbabawal sa pagdadala ng baril, kutsilyo o nakasasakit o nakamamatay na kagamitan.

Lahat ng mga bahay-kalakalan na kauri nito ay inaatasang maglagay ng karatula hinggil sa paghihigpit sa paggamit ng computer at mga kauri nito.

Seksyon 5 – Mahigpit na pinapa-alalahanan ang mga may-ari/nagpapatakbo ng compuer shops, internet café, gaming centers, piso net at kahalintulad nito na huwag papasukin at maglaro sa loob ng establisimyento ang sinomang edad 18 taong gulang pababa mula ika-10:00 ng gabi hanggang ika-4:00 ng umaga na sumasaklaw sa batas ukol sa curfew ng barangay.

**Seksyon 7 – Kaparusahan – Ang sinumang lumabag sa kautusang ito ay papatawan ng kaukulang multa ayon sa mga sumusunod:**

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - P | 300.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | 500.00 |
| Ikatlong Paglabag | - | 1,000.00 |

at hindi pagbibigay ng barangay clearance para sa pagkuha ng kanilang lisensya sa pangangalakal.

Seksyon 8 – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay.

Gng. Pricila O. Villanueva – Iregula lang po o i-lock ang malalaswang panoorin upang hindi mabuksan ng mga bata. At kung sakali naman po na may magsasabi o magsusumbong dito na ang inyong mga computer ay napapanooran ng mga bata ng mga ganitong panoorin ay sakop na po ito sa mga paglabag na nabanggit.

Ruplyn Consigo – Nailo-lock po ba iyon?

Gng. Pricila O. Villanueva – Puwede naman po, Kailangan lang po siguro na bantayan kung alam po ninyo na nabuksan nila at alam na hindi kayo pumapayag na manood ng mga malaswang panoorin hindi na po nila iyon bubuksan.

Ruplyn Consigo – Hindi po ba kumporme sa edad? Kung matatanda naman po siguro ay puwede.

Gng. Pricila O. Villanueva – May-ari din po ako ng computer shop, naisip na rin po namin na ang isang kostumer kapag pumasok ay may karapatan na siyang gawin kung ano ang gusto niya dahil sa kostumer siya ngunit may mga katabi po siya at mga bata. Siguro naman po hindi ko malalabag ang karapatan niya kung hindi ko siya payagan na buksan ang mga ganoong panoorin. Hindi naman po iyon itinayo o inilagay para panooran ng ganoon. Iyon na lang po ang gawin natin pagsabihan na lang kasi may mga bata ring naglalaro.

Kgg. Edwin A. Abary – Kailangan din po na yung mga kostumer natin ay komportable sa kanilang mga pinaglalaruan. Yung sa Seksyon 5 po ang sinasaklaw niyan ay mga kabataang 17 taong gulang pababa sapagkat iyan po yung pagpapatupad ng curfew hour. Malinaw na po sa inyo ang mga multa sa mga paglabag. Bibigyan naman po kayo ng kanya-kanyang sipi at MOA ng sa gayon ay may batayan po kayo sa pagpapatakbo ng computer shop. Ang bawat isang yunit po ay magbabayad kayo ng halagang ₱60.00 sa loob ng isang taon na po iyon. Kung sino po yung mga may-ari ng videoke dapat po ay hanggang ika-10:00 ng gabi lang dapat i-operate iyan ng hindi po nakakaabala sa ating mga kapitbahay. Mayroon po kayong katanungan?

Jaro Fajardo – Sa mga may-ari ng mga piso net hanggang kailan po ang effectivity na dapat magkaroon sila ng wastong palikuran?

Kgg. Edwin A. Abary – Hangga't maaga po sana ngunit puwede naman po sa loob ng inyong bahay.

Gng. Pricila O. Villanueva – Dapat po talaga ay mayroong wastong palikuran ngayon po dapat siguraduhin lang ng may-ari na hindi sila naihi kung saan-saan lang.

Kgg. Angelito U. Limjuco – Yung bayad naman po per yunit ay sa may-ari ng mga computer ninyo kukunin.

Gng. Pricila O. Villanueva – Alam naman po namin na yung mga piso net ninyo ay inilalagay lang sa inyo. Tungkol naman po sa permit kami na po ang pupunta sa inyo.

Kgg. Edwin A. Abary – Ito pong ordinansa ay pagtitibayin namin bukas sa aming pagpupulong at padadalhan ng sipi ang Sangguniang Bayan para sa kanilang pagpapatibay. Ganoon na lang po diretso na lang muna ang pag-ooperate ninyo hangga't hindi pa napagtitibay ang kautusang ito. Kung wala na po kayong katanungan ay tinatapos na po itong ating pagtatalakayan. Maraming salamat po.

Natapos ang public hearing sa ganap na ika-2:30 ng hapon.

Inihanda ni:

**LEA C. ESTRADA**
Kalihim

Patotoo:

**KGG. ANGELITO U. LIMJUCO**
Punong Barangay

# ATTENDANCE

MAY-ARI

| Name | Lugar | Signature 06-24-2011 |
|---|---|---|
| 1. VINCENT FULO / PISONET (4) | SITIO BAGONG ANYO | |
| 2. FLORENCIO [illegible] / VIDEOGAMES (2) | " MAPACAD | |
| 3. Ariel Callada / VIDEOGAMES (4) | SITIO BAGONG ANYO | |
| 4. Ruplyn D. Consigol / PISONET (6) | Sitio Bagong Anyo | |
| 5. DIONISIA B. dela Peña / PISONET (4) | BAGONG Anyo | |
| 6. yolanda Bobadilla / PISONET (4) | Pag-asa | |
| 7. Ryan Ramon / PISONET (5) | Bagong Anyo | |
| 8. CARLOS ALBER JR / COMPUTER SHOP | BAGONG ANYO | |
| 9. Nenita Purihin / VIDEOGAMES (3) | Sitio Huwaran | |
| 10. Ma. Carmen S. Regal / COMPUTER SHOP (6) | Sitio B-Anyo | |
| 11. Salve Pamilacan / PISONET (3) | Sitio Huwaran | |
| 12. RENE VITOR / VIDEOGAMES (2) | SITIO MALIGAYA | |
| 13. Leabuh Velur / PISONET (3) | Sitio Mapalad | |
| 14. MARILYN HERNANDEZ / PISONET (4) VIDEOGAMES (1) | SITIO BAGONG ANYO | |
| 15. JAPO C. PASARRO / COMPUTER SHOP | SITIO HUWARAN | |
| 16. ANNALYN DAPITON / PISONET | SITIO PAG-ASA | |
| 17. [illegible] | [illegible] | |
| 18. Pricila O. Villanueva / computer shop | sitio Maligaya | |
| 19. Daniel medina | Mapalad SCL. | |
| 20. | | |
| 21. | | |
| 22. | | |
| 23. | | |
| 24. | | |
| 25. | | |
| 26. | | |
| 27. | | |
| 28. | | |
| 29. | | |
| 30. | | |

Kgg. Angelito U. Limjuco

Kgg. Edwin A. Abary

Gng. Pricila O. Villanueva

Gng. Lea C. Estrada

REPUBLIKA NG PILIPINAS
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz
BARANGAY NG PAGSAWITAN

**TANGGAPAN NG PUNONG BARANGAY**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN, BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA GINANAP NOONG IKA-25 NG HUNYO, 2011 SA GANAP NA IKA-8:30 NG UMAGA SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY PAGSAWITAN.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Punong Barangay |
| Kgg. Edwin A. Abary | Kagawad |
| Kgg. Armando S. Flores | Kagawad |
| Kgg. Nicanor M. Balota | Kagawad |
| Kgg. Allan S. Palacol | Kagawad |
| Kgg. Leonilo C. Romero | Kagawad |
| Kgg. Pedro L. Dave | Kagawad |
| Kgg. Gilbert Rolan H. Cruz | Kagawad |
| Kgg. Krystell May S. Mercado | Kagawad (SK) |
| Gng. Lea C. Estrada | Kalihim |
| Gng. Pricila O. Villanueva | Ingat-Yaman |

**KAPASIYAHAN BLG. 104 T'11**

**KAPASIYAHANG PINAGTIBAY NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG BARANGAY PAGSAWITAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNAN PARA SA MGA MAY-ARI/NAGPAPA-UPA NG MGA COMPUTER SHOPS, INTERNET CAFÉ, GAMING CENTERS, PISO NET AT MGA KAHALINTULAD NITO.**

**SAPAGKAT:** Binigyang pansin at pagpapahalaga ng Tagapangulo ng Kgg. Sangguniang Barangay ang pagkakaroon ng isang matibay na batayan sa pamamalakad ng mga bahay-kalakan.

**SAPAGKAT:** Sa pamamagitan ng pagsasaliksik ng mga datos ukol dito ng Tanggapan ng Sangguniang Barangay, ayon sa pag-aatas ng Kgg. na Tagapangulo ay nabuo ang layunin ng pagbalangkas ng isang panukalang kautusan na makatulong sa pagpapatakbo ng bahay-kalakalan lakip ang kabutihang maidudulot nito sa mga makikinabang.

**SAPAGKAT:** Tinutukoy dito ay ang internet, inpormasyon at talastasang teknolohiya na kasalukuyang pinakabago at mabilis na paraan ng pakikipagtalastasan sa loob at labas ng bansa.

**SAPAGKAT:** Nagdudulot ito ng malaking pag-unlad sa sarili, sa tao at komunidad. Paglikha ng magandang kalikasan sa pangangalakal at nakapagpapa-unlad sa kamalayan ng pamayanan.

**SAPAGKAT:** Mapapansin, hindi man lahat ang kakulangan sa pagre-regula o pagpapatakbo at panuntunan sa mga may-ari ng naturang shop at palaruan na maaaring humantong sa iba't-ibang kalidad ng serbisyo at ang nakasasama ay ang mga di-kabutihang maidudulot nito sa mga gumagamit.

**SAPAGKAT:** Bunga ng ganitong kalagayan nararanasan ng mga may-ari o nagpapatakbo ang pagkabagot hanggang sa humantong sa pagsasara ng kanilang negosyo.

**SAPAGKAT:** Sa di-pagreregula sa ganitong gawain mababawasan ang kitang pumapasok sa kaban ng barangay.

**SAPAGKAT:** Ayon sa kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, kailangan ang matibay na pangangalaga sa dumaraming uri ng ganitong industriya at ipagsanggalang ang mga kabataang gumagamit ng mga computer at kauri nito laban sa pornograpiya, kasamaan, karahasan at mapaghiganting panoorin na nagsisilbing libangan ng mga manonood mula sa makabagong dulot ng inpormasyong teknolohiya ng bansa.

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO:**

Sa mungkahi ni Kgg. Edwin A. Abary, Tagapamuno ng Lupon sa Batas na pinangalawahan ni Kgg. Allan S. Palacol, at sa buong pagsang-ayon at pagkaka-isa ng lahat ng kaharap ay:

PINAGPASIYAHANG: Pagtibayin ang mga sumusunod na:

PINAG-UUTOS n[illegible] Sangguniang Barangay ng Pagsaw[illegible] Santa Cruz, Laguna na:

Seksyon 1 - Ang kautusang ito ay tatawaging alituntunin sa pagpapatakbo ng mga computer shops, internet café, gaming centers, piso net at mga kauri nito.

Seksyon 2 - Lahat ng mga may-ari o nagpapa-upa ng mga computer shops, internet café, gaming centers, piso net at mga kahalintulad nito na:

2.1 Ipanatili ang maayos na bentilasyon sa loob at sakop ng bahay kalakalan.

2.2 Ipanatili ang kalinisan saan mang sulok ng bahay-kalakalan sa lahat ng oras na may makikitang palikuran sa loob nito.

2.3 Magkaroon ng sapat na pailaw sa loob at maging sa lugar na pinangangasiwaan nito.

2.4 Tiyakin ang sapat na kagamitan laban sa sunog.

2.5 Hindi pinahihintulutang pumasok sa loob ng bahay-kalakalan ang nakainom gayundin ang anumang inuming nakalalasing o bawal na gamot ay hindi pinapayagang ipagbili sa loob.

2.6 Pinapagayagan lamang na gumamit ng computer ng naaayon sa dami ng mga ito.

Seksyon 3- Hindi pinahihintulutang papasukin ang mga batang mag-aaral mula pitong (7) taong gulang hanggang labing anim (16) na taong gulang.

3.1 Sa oras na may pasok sa paaralan.

3.2 Nakasuot ng uniporme.

Maaaring pahintulutan lamang kung:

3.3 Sila ay may gagawing pagsasaliksik (educational research) o bakanteng oras.

3.4 May pagpayag ang magulang, taga-bantay o guro.

Seksyon 4- Magsasagawa ng mga kakbang at pagsubaybay ang mga may-ari/nagpapatakbo sa mga gagamit ng computer upang mapigilan ang panood ng:

4.1 Malalaswang panoorin.

4.2 Mahahalay at malalaswang gawain.

4.3 Sugalan.

4.4 Sobrang paggamit ng internet.

4.5 Ipinagbabawal na gamot, alak o nakalalasing na inumin at paninigarilyo.

4.6 Pagbabawal sa pagdadala ng baril, kutsilyo o nakasasakit o nakamamatay na kagamitan.

Lahat ng mga bahay-kalakalan na kauri nito ay inaatasang maglagay ng karatula hinggil sa paghihigpit sa paggamit ng computer at mga kauri nito.

Seksyon 5 – Mahigpit na pinapa-alalahanan ang mga may-ari/nagpapatakbo ng compuer shops, internet café, gaming centers, piso net at kahalintulad nito na huwag papasukin at maglaro sa loob ng establisimyento ang sinomang edad 18 taong gulang pababa mula ika-10:00 ng gabi hanggang ika-4:00 ng umaga na sumasaklaw sa batas ukol sa curfew ng barangay.

Seksyon 6 – Kasabay ng pagpapatibay ng kautusang ito ang pagbibigay ng kapahintulutan sa bawat Punong Barangay na bisitahin sa legal na pamamaraan ang mga establisimyentong kaniyang nasasakupan upang mapangalagaan ang kapakanan ng mga kabataan at matiyak ang pagsaalang-alang ng kautusang ito.

Seksyon 7 – Kaparusahan – Ang sinumang lumabag sa kautusang ito ay papatawan ng kaukulang multa ayon sa mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - P | 300.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | 500.00 |
| Ikatlong Paglabag | - | 1,000.00 |

at hindi pagbibigay ng barangay clearance para sa pagkuha ng kanilang lisensya sa pangangalakal.

Seksyon 8 – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay mapagtibay.

INIUUTOS na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. na Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna para sa kanilang kabatiran at maging gabay sa gagawin nilang pagpapasiya na nauukol dito.

**PINAGTIBAY**: ika-25 ng Hunyo 2011.

---

Pinatutunayan ko ang kawastuhan ng nasasaad na kapasiyahan batay sa sipi ng katitikan ng pulong na naganap.

**LEA C. ESTRADA**
Kalihim

Patotoo:

**KGG. ANGELITO U. LIMJUCO**